

Bayan ko , Mamahalin ko ... Ngunit Paano?

Sinulat ni: Maria Lourdes Ann Dj. Ocampo

“.... Halika na at sumabay sa agos ng panahon. Halina at limutin ang mga bagay na kinagisnan noong sinauna. Huwag mong indahin kung ano man ang maiiwan, tara na at lingapin ang modenong bukas...Sa iyong mga kamay nakasalalay ang iyong kinabukasan na siyang magdidikta sa kapalarang tagapagtakda.” Susunod ka ba dito o pipiliin mong panatilihin ang nakaraan sa pusong tigang sa pagmamahal sa bayan ?

Ang modernisasyon ay tila isang jeep sa lansangan, pabilis ng pabilis ang pag-andar at palayo ng palayo ang napatutunguhan. At sa bawat pag-andar nito, maraming bagay ang naiiwan ng biyahe. Isa na rito ang pag-aalab ng diwang nasyonalismo ng tila mga robot na mamamayan. Saan na nga ba napunta ang damdaming makabayan ng bawat isa ? May malalabi pa nga ba sa puso o itinapon nang lahat sa pagsakay sa behikulo ng globalisasyon?

Bilang isang kabataan na may malasakit sa bayan, tungkulin kong palaguin ang natitirang diwang makabayan- ngunit sa paanong paraan? Umpisahan natin ito sa ating mga sarili. Ang dating pagsasawalang- bahala kapag tumutugtog ang Lupang Hinirang ay palitan ng buong katapatang pag-awit dito. Ang walang sawang pagtangkilik sa mga dayuhang produkto ay iisang tabi at pagmamalasakit sa produktong tatak-Pilipino ang siya nating atupagin.Ang pag-ibig sa wikang kinalakhan ay huwag talikdan, bagkus ay payabungin pa.

Kulturang makulay ang ating minana. Dapat lamang nating ipamalas parin ito kahit iba na ang panahon. Ang dating magigiting na katangian ng mga Pilipino ay muling gisingin mula sa pagkakahimbing. Maging mapagmasid sa kalagayang pambansa sa lahat ng oras. Itanong sa sarili ang maaring magawa sa ikabubuti ng bayan bago pumuna sa di mabubuti nitong nagagawa.

Di naman kailangang magbuwis ng buhay upang mapayabong ang diwang nasyonalismo. Magagawa mo ito sa simpleng mga paraan na kaya mo. Di na kailangang dumanak ang dugo, gamitin lamang ang kakayahang kumilos.